ANG

# NATIONAL DEMOCRATIC FRONT

SERYENG PADEPA

2005

# ANG NATIONAL DEMOCRATIC FRONT

## BALANGKAS:

1. Ano ang NDF?
2. Anu-ano ang mga alyadong organisasyon na bumubuo ng NDF?
3. Kailan binuo ang NDF at paano ito nakapagpalakas?
4. Ano ang wastong relasyon ng NDF sa Partido?
5. Ano ang papel at tungkulin ng NDF sa DRB?
6. Paano pinalalakas ang organisasyon ng NDF?
7. Paano naaabot at ipinatutupad ang kaisahan o pagpapasya sa loob ng NDF? Paano nag-uugnayan ang bawat isa sa mga magkakaalyadong organisasyon?
8. Ano ang 12-Puntong programa ng NDF?
9. Ano ang mga pangunahing nilalaman ng saligang batas ng NDF? Paano ito naiiba sa binalangkas ng 1990 bogus na kongreso ng mga lokal na rebisyunista?

### *1. Ano ang National Democratic Front (NDF)?*

Ang NDF ang natatanging lihim at konsolidadong alyansa ng mga saligang rebolusyonaryong pwersa na nagtataguyod sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng digmang bayan. Ito ay isang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Naninindigan ang NDF na ang rebolusyong Pilipino ay isang pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba at nasa ilalim ng makauring pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM).

Ang NDF ay nagsisilbing balangkas para sa pagbubuo at pagpapaunlad ng pagkakaisa, kooperasyon at koordinasyon ng mga alyadong organisasyon nito. Bagama't pinakakonsolidadong bahagi ng nagkakaisang prente, hindi ito ang kabuuan ng gawain sa pagbubuo ng nagkakaisang prente na binubuo ng kumbinasyon ng iba't ibang antas at anyo ng organisasyon. Sa iba pang pwersang progresibo na hindi nakapaloob sa pormal na balangkas ng NDF, responsibilidad nitong isulong ang pagkakaisa, pagtutulungan at koordinasyon ng lahat ng makabayan at progresibong uri, sektor at pwersa sa loob at labas man ng Pilipinas para ipaglaban ang pambansang kalayaan at demokrasya at ibagsak ang mapang-api at mapagsamantalang naghaharing sistema.

Sa pagtataguyod sa pambansang pagkakaisa, ipinatutupad ng NDF ang makauring rebolusyonaryong linya sa nagkakaisang prente na binubuo ng sumusunod: pamumuno ng uring manggagawa, saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka, alyansa ng mga saligang pwersa ng masang anakpawis at ng petiburgesya sa lunsod, alyansa ng mga positibong pwersa na binubuo ng saligang pwersa at ng pambansang burgesya, alyansa sa mga seksyon ng reaksyunaryong mga uri at paghihiwalay at pagwasak sa kaaway.

### *2. Anu-ano ang mga alyadong organisasyon ng NDF?*

Sa kasalukuyan, labing-anim na rebolusyonaryong organisasyong masa na kumakatawan sa pinagsasamantalahan at inaaping mga uri at sektor ng lipunang Pilipino ang alyadong mga organisasyon ng NDF. Upisyal

itong pinagtibay ng Unang Pambansang Kumperensya ng NDF na ginanap noong Hulyo 1- 7, 1994. Ito ay ang mga sumusunod:

- Partido Komunista ng Pilipinas (PKP-MLM),
- Bagong Hukbong Bayan (BHB),
- Rebolusyonaryong Kunseho ng mga Unyon (Revolutionary Council of Trade Unions o RCTU),
- Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM),
- Katipunan ng mga Samahang Manggagawa (KASAMA),
- Kabataang Makabayan (KM),
- Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA),
- Artista at Manunulat ng Sambayanan (ARMAS),
- Prenteng Demokratiko ng mga Mamamayan sa Cordillera (Cordillera People's Democratic Front o CPDF),
- Kristiyano para sa Pambansang Pagpapalaya (Christians for National Liberation o CNL), Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP),
- Makabayang Samahang Pangkalusugan (MSP),
- Liga ng Agham para sa Bayan (LAB),
- Katipunan ng mga Gurong Makabayan (KAGUMA),
- Makabayang Kawaning Pilipino (MKP),
- Rebolusyonaryong Organisasyon ng Moro (MORO), at
- Rebolusyonaryong Organisasyong Lumad (ROL).

### 3. *Kailan binuo ang NDF at papaano ito nakapagpalakas?*

Mula nang itatag muli ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1968, ang gawain sa nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka ay ipinatupad na. Nakipag-ugnayan ang PKP sa mabubuting labi ng lumang hukbong bayan (Hukbong Mapagpalaya ng Bayan) at itinatag

ang Bagong Hukbong Bayan. Ang ugnayang ito ang pagpapasimula ng pagsasakatuparan ng epektibong alyansa ng manggawa-magsasaka sa isang rebolusyonaryong nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka.

Ang nagkakaisang prenteng ito ay umiral kahit walang pormal na organisasyon ng nagkakaisang prente sa pambansang saklaw. Epektibo ito sa pagpapatupad sa anti-pyudal na linya, sa pagtataguyod sa kilusang magsasaka para sa reporma sa lupa. Sa pagtitindig ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika lalo na sa antas ng baryo. Sa pagbubuo ng kongkreto ngunit di pormal na pakikipag-alyansa sa mga di proletaryo at di magsasakang pwersa sa mga antas na mas mataas kaysa sa baryo. Sa pagbibigay inspirasyon sa mga makabayan at progresibong pwersa sa kalunsuran. at sa pagtatakda sa mga naliliwanagang seksyon ng nagsasamantalang uri na sumunod sa mga batas ng rebolusyonaryong pamahalaan.

Noong 1971 binuo ng Partido ang NDF Preparatory Commission at noong Abril 24, 1973, ang 10-puntong Programa ng NDF ay binalangkas at pinagtibay sa Lunsod ng Baguio.

Sa paglulunsad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, itinakwil at pinawalang bisa ng Partido at ng buong rebolusyonaryong kilusan ang mga maling linya at konseptong nakapasok sa NDF gaya ng pagpapalabnaw sa programa ng DRB at paglikida sa namumunong papel ng Partido sa nagkakaisang prente.

Nagdaos ang NDF ng pambansang kumperensya noong Hulyo 1994 kung saan pinasadahan at niratipika ng mga delegado ang bagong Konstitusyon at bagong Programa nito.

### *4. Ano ang wastong relasyon ng Partido sa NDF?*

Pinamumunuan ng Partido ang NDF. Ito ay nasasalamin sa pamumunong pang-ideolohiya at pampulitika na konsentrado sa programa nito, sa absolutong pamumuno sa hukbong bayan at pagdidirihe sa digma, at hindi sa paggamit ng mga pang-organisasyong hakbang.

Sa pang-organisasyong balangkas, hindi nakapailalim ang NDF sa Partido. Hindi rin nakapailalim ang Partido sa NDF. Ang pamumuno

ng Partido ay makikita sa pagtataguyod nito sa wastong linya at patakaran, pagsisilbing modelo sa pagtataguyod sa rebolusyonaryong kapakanan at pakikibaka ng buong sambayanan.

### *5. Paano pinalalakas ang organisasyon ng NDF?*

Ang pangunahing paraan sa pagpapalakas ng NDF ay ang pagkokonsolida ng bawat alyadong organisasyon ng NDF sa pamamagitan ng gawaing masa. Sa ganitong paraan, mabubuo ang makapangyarihang suportang masa ng mga konsultatibong kumperensya at namumunong kunseho ng NDF sa iba't ibang antas. Taliwas ito sa bertikal na pagbubuo ng makinarya ng NDF na may demokratikong sentralismo sa mga myembrong organisasyon at may nakabababa at nakatataas na antas.

Laging handa at walang pag-aatubili ang NDF na makipagtulungan sa lahat ng makabayan at progresibong pwersa at indibidwal na nasa labas ng NDF para mapalawak at mapalakas ang pambansang pagkakaisa at maisulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon at digmang bayan.

### *6. Ano ang papel at mga tungkulin ng NDF?*

Bilang organisasyon ng nagkakaisang prente, ang NDF ay kaagapay/katuwang ng Partido para sa saligang pagkukumpleto ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng pagpapabagsak sa buong malakolonyal at malapyudal na naghaharing sistema at sa paghahanda ng daan para sa sosyalistang rebolusyon sa hinaharap.

Sa partikular, tungkulin ng NDF na:

**a. Umagapay sa Partido sa paghahawan ng daan sa mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika (ODKP**).

Ang NDF ay ang pwersa sa paghahanda at balangkas para sa pagtatayo ng mga ODKP laluna mula sa antas ng munisipyo pataas. Ang mga nakatindig na kumperensya at kunseho ng mga kinatawan ng NDF ay naghahawan ng landas para sa paglitaw ng mga organo ng demokratikong kapangyarihan ng mamamayan.

Ang NDF ay makatutulong sa umiiral nang mga binubuong ODKP sa maraming paraan sa pamamagitan ng paglikha ng popular na partisipasyon at suporta, sa pamamagitan ng nominasyon ng mga kandidato para sa mga katungkulan, sa paggawa ng mga pag-aaral at rekomendasyong pampatakaran at mga mungkahing panukalang batas, panuntunan at regulasyon para isabatas.

Ang NDF ay hindi katulad ng gubyernong bayan. Ito ay pwersang paghahanda para sa gubyernong ito ngunit ito rin ay tumatanggap ng awtorisasyon para tumupad ng ilang tungkulin sa ngalan ng gubyernong bayan. Kung kaya't ito ay kumakatawan sa rebolusyonaryong kilusan at sa mga umiiral na organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga pakikipag-usap sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) hinggil sa usapang pangkapayapaan at sa mga usaping diplomatiko.

Kahit makaraang maitatag ang demokratikong gubyernong bayan sa pambansang saklaw, ang NDF ay magpapatuloy sa pag-iral bilang mahalagang organisasyon ng nagkakaisang prente at pwersang rebolusyonaryo.

**b. Gumanap bilang tinig ng mga alyadong organisasyon sa iba't ibang usapin, pambayan o pandaigdigan man**.

Ang NDF ay humusay na sa paghawak, pagtatanggol at pagtataguyod sa mga pundamental na pambansa at demokratikong karapatan at kapakanan ng malawak na masa ng sambayanan. Nakapagbigay ito ng inspirasyon sa mga lihim na kaalyadong organisasyon gayundin sa mga ligal na demokratikong pwersa upang patindihin at palawakin ang kanilang pakikibaka laban sa mga pwersa ng dayuhang monopolyo kapitalismo at lokal na reaksyon sa lahat ng tampok na isyu, sa lahat ng mga mayor na larangan sa pambansa at panlipunang usapin.

Ang Komiteng Tagapagpaganap ng NDF ay awtorisado ng mga magkakaalyadong organisasyon na maglabas ng mga pahayag sa mga tampok na isyu at gumawa ng representasyon sa ngalan ng kabuuan sa loob ng bansa at sa ibayong dagat.

**k. Iugnay ang rebolusyonaryong kilusan sa mas malawak na masa at kamtin ang pinakamalawak na suporta para sa armadong**

**rebolusyon, tumulong sa pag-ugnay at pagbuo ng mga relasyong bilateral o multilateral sa iba pang pwersa sa loob man o labas ng Pilipinas na makatutulong para sa pangkalahatang pagsusulong ng rebolusyong Pilipino.**

Ang mga pahayag, aksyon at representasyon na ginagawa ng NDF sa loob ng Pilipinas at sa larangang internasyunal ay makabuluhang nakapag-ambag sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Ang mga tinamong tagumpay ng malawak na hanay ng magkakaalyadong organisasyon sa loob ng NDF ay mga tagumpay rin ng NDF.

**d. Gumanap bilang kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan at gubyerno ng mamamayang Pilipino sa pakikipagharap sa GRP sa mga usapang pangkapayapaan.**

Tuloy-tuloy na kinondena ng NDF ang Gubyernong Maynila sa paglulunsad nito ng total war at sa pagtatangka nitong gamitin ang islogan ng kapayapaan para itaguyod ang marahas na patakaran nito ng pasipikasyon. Ang NDF ay matatag na naninindigan na anumang pag-uusap pangkapayapaan ay dapat idaos sa labas ng bansa at may tagapamagitang ikatlong partido (third party na isang estado o ahensyang sumasaklaw sa iba't ibang estado).

Kaalinsabay, ang NDF ay matatag na nagtataguyod sa pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon na sinusunod ng lahat ng magkakaalyadong organisasyon sa loob ng NDF. Ang isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan ay makakamit lamang sa pagtatamo ng mga layunin sa pakikibaka ng mga mamamayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

7. ***Paano naaabot at ipinatutupad ang kaisahan o pagpapasya sa loob ng NDF? Paano nag-uugnayan ang bawat isa sa mga magkakaalyadong organisasyon?***

Unang-una, ang NDF ay isang alyansa ng mga rebolusyonaryong organisasyon na umaalinsunod sa Saligang Batas at Programa nito. Ang pagkakaisa, kooperasyon at koordinasyon ng mga alyadong organisasyon ay pinauunlad batay dito.

Dahil alyansa, ang mga desisyon at pagkakaisa ay idinadaan sa paraang konsenswal, kumperensyal, konsultatibo at kooperatibo. May independensya at inisyatiba ang mga alyadong organisasyon at pinananatili ang pagkakapantay-pantay ng mga alyadong organisasyon.

Taliwas ito sa konsepto ng unitaryong organisasyon kung saan ang bawat indibidwal na organisasyon ay obligadong pumailalim at ipatupad ang lahat ng napagkaisahan batay sa mayoryang boto ng mga nakapaloob na organisasyon. Hindi rin ito pederasyon kung saan may mga gawain na ipinauubaya o ibinibigay ng mga myembro sa pederasyon na mukhang kumakatawan sa iba't ibang uri o populista pero sa katunaya'y petiburges. Hindi rin ito pampulitikang sentro sa pakahulugang "sentrong kumand" na nagdedesisyon sa mga kampanyang masa na dapat ipatupad sa mga "kasapi." Lalong hindi ito talibang prente na hahalili sa talibang partido ng proletaryado at ang Partido'y magiging isang "kasaping" organisasyon na mapapailalim sa "demokratikong mayorya."

### 8. *Ano ang 12 puntong Programa ng NDFP?*

1. Pagkaisahin ang sambayanan para ibagsak ang sistemang malakolonyal at malapyudal sa pamamagitan ng digmang bayan at kumpletuhin ang pambansa-demokratikong rebolusyon.
2. Itatag ang demokratikong republikang bayan at ang demokratikong gubyernong koalisyon.
3. Buuin ang hukbong bayan at ang sistema ng tanggulang bayan.
4. Itaguyod at isulong ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan.
5. Wakasan ang lahat ng di-pantay na relasyon sa US at iba pang dayuhang entidad.
6. Ipatupad ang tunay na repormang agraryo, itaguyod ang kooperasyong agrikultural, itaas ang produksyon at empleyo sa kanayunan sa pamamagitan ng modernisasyon ng agrikultura at industriyalisasyong rural at tiyakin ang sustenableng agrikultura.
7. Wasakin ang dominasyon sa ekonomya ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan, malaking kumprador at panginoong

maylupa; ipatupad ang pambansang industriyalisasyon at itayo ang ekonomyang malaya at umaasa-sa-sarili.

8. Ipatupad ang isang kumprehensibo at progresibong patakarang panlipunan.
9. Isulong ang pambansa, syentipiko at pangmasang kultura.
10. Itaguyod ang mga karapatan sa pagpapasya sa sarili at demokrasya ng mamamayang Moro at mamamayan ng Cordillera at iba pang pambansang minorya o mamamayang katutubo.
11. Isulong ang rebolusyonaryong pagpapalaya sa kababaihan sa lahat ng larangan.
12. Ipatupad ang aktibo, malaya at mapayapang patakarang panlabas.

***9. Ano ang mga pangunahing nilalaman ng saligang batas ng NDF? Paano ito naiiba sa binalangkas ng 1990 bogus na kongreso ng mga lokal na rebisyunista?***

Nilalaman ng bagong Konstitusyon ng NDF Hulyo 1994 ang mga sumusunod:

**a.** Pagkilala sa namumunong papel ng uring manggagawa sa dalawang-yugtong rebolusyong Pilipino (pambansa-demokratiko at sosyalista) upang mawasak ang lumang tipo na burges-demokratiko.

**b.** Ang NDF bilang isang tunay na alyansa o organisasyon ng nagkakaisang prente na mayroong katangiang konsultatibo at konsenswal. Ang mga kinatawan ng mga magkakaalyadong organisasyon ay may pantay na karapatan sa mga kumperensya at kunseho ng NDF. Tinatamasa nila ang kasarinlan at inisyatiba. Ang kanilang mga kinatawan ay maaaring mag-usap-usap, magkonsultahan at magkasundo sa ilalim ng tuntunin sa konsensus at pagkakaisa. Kaalinsabay, napapanatili ng proletaryong partido ang kanyang namumunong papel, kasarinlan at sariling inisyatiba sa rebolusyonaryong kilusan.

**k.** Ang kahandaan ng NDF na tanggapin sa hanay nito ang mga karagdagang organisasyon o pumaloob bilang isang buong entidad sa

mga dalawang-panig (bilateral) o maramihang-panig (multilateral) na relasyon sa iba pang pormasyon para sa pagpapalapad sa rebolusyonaryong nagkakaisang prente.

Ang mga nasabing punto ay nagtatakwil sa mga maling porma ng organisasyon na nasa lumang burador na Konstitusyon ng NDF na nagkait nito sa kanyang katangian bilang nagkakaisang prente ng mga magkakaalyadong organisasyon.

Ang Konstitusyon ngayo ng NDF ay bumibigo sa mga pakana ng ilang anti-komunista at anti-proletaryong elemento na nagnanais na likidahin ang talibang papel ng uring manggagawa, burahin sa kasaysayan ang papel ng PKP sa pagtatayo ng NDF, siraan ang PKP bilang di-katanggap-tanggap na "awtoritaryan," ipataw ang "demokratikong mayorya" ng mga grupong petiburges at indibidwal at ulitin ang lumang demokratikong rebolusyon sa ngalan ng uring malaking burgesya at panginoong maylupa.

## SANGGUNIAN:


**1.** *Konstitusyon at Programa ng NDF*, inaprubahan ng Unang Pambansang Kumperensya ng NDF, Hulyo 1994.
**2.** *Kasaysayan ng NDF* ni Rolando Alejandro, 1st Vice Chairman ng NDF.
**4.** *Relasyon ng Partido sa BHB at sa Nagkakaisang Prente*, KTKS Memo, 1992

PAARALANG PRIMARYA NG PARTIDO ★ PKP-MLM ★